Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-7 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-16 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 118-2022**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG MARINGAL NA PAGBATI AT PAGKILALA NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PAMAMAGITAN NI PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA AT NG MGA BUMUBUO NITO KAY ABGDO. OMAR S. ROQUE SA KANYANG PAGKAKAHIRANG AT PAGKAKATALAGA BILANG BAGONG DIREKTOR NG COMMISSION ON AUDIT (COA) NG REHIYON III.**

**AKDA NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA, III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG, DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** naitalaga at nahirang si **ABDGO. OMAR S. ROQUE** bilang bagong Direktor ng Commission on Audit (COA) sa Rehiyon III;

**SAPAGKAT,** tubong Malolos at nananalaytay ang dugong Malolenyo kay ABDGO. ROQUE na nagmula sa Barangay Matimbo, Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** sa patnubay ng kanyang mga magulang na sina Dating Punong Lungsod Engr. Restituto C. Roque at Gng. Esperanza S. Roque ay napagtagumpayan niya na marating ang propesyong kanyang pinangarap at maging isang ganap na abogado at dahil sa kanyang angking husay at galing sa paglilingkod ay naitalaga siya bilang kawani ng Commission on Audit (COA);

**SAPAGKAT,** buong husay at katapatan niyang ginagampanan ang kanyang sinumpaang tungkulin sa ilalim ng nasabing komisyon na naging daan sa kanyang pagkakahirang bilang Direktor ng Commission on Audit (COA) sa Rehiyon III;

**SAPAGKAT,** dahil sa pagkakahirang niyang ito ay inilagay niyang muli ang Lungsod ng Malolos sa pedestal ng kahusayan, katanyagan at pinamalas ang kagalingan ng bawat Malolenyo sa larangan ng paglilingkurang madla;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin at adhikain ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mataas na antas ng paglilingkod sa kanyang mamamayan at sa kanyang bayang sinilangan at nagsilbing mabuting modelo at ehemplo si Abgdo. Omar S. Roque;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

Sa mungkahi ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na nagpapahayag ng maringal na pagbati at pagkilala ng Pamahalaang Panlungsod sa pangunguna ni Kgg. Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad at ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ni Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto T. Bautista at ng mga Bumubuo nito kay **Abgdo. Omar S. Roque** sa kanyang pagkakahirang at pagkakatalaga bilang bagong Direktor ng Commission on Audit (COA) ng Rehiyon III.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08162022